DepEd Advisory No. 358, s. 2015
December 9, 2015
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph.)

PAMBANSANG SEMINAR SA FILIPINO 2016 NG DE LA SALLE UNIVERSITY-MANILA

Ang Departamento ng Filipino ng De La Salle University-Manila, ay magsasagawa ng *Pambansang Seminar sa Filipino 2016* na may temang *Retooling sa Pagtuturo ng/sa Filipino sa Elementarya, Hayskul at Kolehiyo: Nilalaman at Pamamaraan"* sa Abril 27 hanggang 29, 2016 sa Yuchengco 407-409 sa DLSU Taft Avenue, Lungsod ng Maynila.

Ang layunin ng Seminar ay ang mga sumusunod:

1. mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mga guro hinggil sa pagpapatupad ng bagong kurikulum ng Filipino sa iba't ibang antas;
2. mapataas ang lebel ng kasanayan at kahandaan ng mga guro sa paggamit ng wikang Filipino bilang wikang panturo at pagtuturo nito bilang asignatura sa iba't ibang antas;
3. makatulong sa retooling ng mga guro ng/sa Filipino sa iba't ibang antas; at
4. makapag-ambag sa pagpapalakas ng intelektwalisasyon ng wikang Filipino sa akademya, sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mahusay, malikhain, at mapanuring pagtuturo ng/sa Filipino sa iba't ibang antas.

Ang inaanyayahang dumalo sa seminar ay ang mga panrehiyon at pansangay na superbisor sa Filipino, mga tagapangulo o tagapag-ugnay ng asignaturang Filipino, at mga piling guro sa bawat paaralan.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at kawani sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang kaalaman, maaaring makipag-ugnayan alinman sa mga sumusunod:

- Bb. Marilou Bagona
  De La Salle University (DLSU), Taft Avenue, Manila
  Telepono: (02) 524-46-11 lokal 509; 552

- Dr. David Michael M. San Juan
  DLSU, Taft Avenue, Manila
  Mobile Phone: 0927-242-1630
  Email Address: dmmsanjuan@gmail.com

Alma/DA pambansang seminar sa Filipino
0782-December 3, 2015